



Republic of the Philippines
Department of Education


11 JUN 2014

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **64**, s. 2014

ULIRANG GURO SA FILIPINO

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong
Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magtatampok ng **Ulirang Guro sa Filipino** alinsunod sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa. Makatatanggap ng medalya at katibayan ng pagkilala mula sa KWF.
2. Ang Ulirang Guro ay taunang gawad na ibibigay ng KWF sa mga piling-pili at karapat dapat na guro sa Filipino sa bawat rehiyon at/o probinsiya sa buong bansa. Ang *Ulirang Guro* ay kailangang nagpamalas ng angking husay, talino, at dedikasyon sa pagpapalaganap at promosyon ng Wikang Filipino at/o mga wika at kultura sa larangan ng pagtuturo sa kanilang komunidad.
3. Bukas ang timpalak sa mga guro sa Filipino sa mga pampubliko at pampribadong paaralang elementarya at sekundarya, maliban sa mga kawani ng KWF at mga director ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at kanilang mga kaanak hanggang ikawalong digri (degree).
4. Kalakip nito ang Tuntunin sa Pagpili ng Ulirang Guro sa Filipino.
5. Para sa karagdagang kaalaman maaaring tumawag sa: **Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN), Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**, 2/F Watson Building, 1610 JP Laurel Street, San Miguel, Manila, telepono blg.: (02) 736-2525/24; (02) 736-2519; (02) 734-5547; (02) 736-3830; (02) 733-7260; (02) 516-0326, o mag email sa: komfil.gov@gmail.com o sa website address: www.kwf.gov.ph.
6. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad

Sanggunian: W a l a

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONTESTS
Learning Area, FILIPINO

PRIZES or AWARDS
TEACHERS

Tuntunin sa Pagpili ng ULIRANG GURO SA FILIPINO

1. Bukas ang timpalak sa mga guro sa Filipino, maliban sa mga kawani ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at mga direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at kanilang mga kaanak hanggang ikalawangdigri (*degree*)
2. Ang mga nominado ay kinakailangang magtaglay ng mga sumusunod na katangian:
 - 2.1 May hawak na kaukulang lisensiya (LET, atbp.), full-time at permanenteng *status*.
 - 2.2 Nakapaglingkod nang tatlo o higit pang taon bilang guro ng Filipino o mga kaugnay na disiplina na ang gamit ay Filipino bilang wikang panturo sa anumang antas ng edukasyon at may antas ng kahusayan (*performance rating*) na hindi bababa sa *Very Satisfactory* sa buong panahon ng paglilingkod.
 - 2.3 Nakapag-ambag sa pagpapalaganap ng wikang Filipino sa rehiyon sa pamamagitan ng pananaliksik, publikasyon, seminar, pagsasanay, palihan, at iba pang katulad na aktibidad.
 - 2.4 Nanguna sa pagpapahalaga sa pamanang pangwika at pangkulturang Filipinas kaagapay ng pagtaguyod at pagpapaunlad sa wikang Filipino.
 - 2.5 Nakatanggap ng parangal at/o iba pang gawad kaugnay sa kaniyang propesyon (opsiyonal).
 - 2.6 Rekomendasyon mula sa *immediate superior* ng kaniyang paaralan na nagpapatunay ng kagalingan bilang guro sa Filipino na may makabansa at makataong kamalayan.
3. Maaaring magpasa ang paaralan na higit sa isang nominasyon. Ang bawat nominasyon ay kailangang mailakip sa isang *long brown envelop* na maglalaman ng sumusunod:
 - 3.1 pormularyo para sa nominasyon
 - 3.2 rekomendasyon ng *immediate superior* ng paaralan; at
 - 3.3 *folio* ng mga katibayan ng pagkilala, gawad, publikasyon, at mga naisagawang seminar, palihan, at mga proyektong may kaugnayan sa wika at kultura.
4. Maaaring ipadala sa tanggapan ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa inyong probinsiya/rehiyon ang mga nominasyon. Ang huling araw ng pagpapadala ay sa 4 Hulyo 2014, 5nh. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite. Ang mga lahok na ipinadala sa pamamagitan ng koreo ay kailangang matanggap ng mga SWK nang hindi lalampas sa petsa ng nabanggit.
5. Makatatanggap ng medalya at katibayan ng pagkilala ang mga mapipiling Ulirang Guro sa Filipino.
6. Ang pasiya ng inampalan ay pinal at hindi na mababago. Lahat ng lahok, nanalo man o hindi ay hindi na ibabalik ng KWF.
7. Para sa karagdagang etalye, tumawag sa Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN) sa telepono blg. (02) 736-2519 o mag-email sa komfil.gov@gmail.com.